

Tubbataha Reefs Natural Park (TRNP) is a magical underwater world in the heart of the Sulu Sea. It is like a giant playground for nature, filled with colorful coral reefs and incredible sea creatures. Covering a huge area of 97,030 hectares, Tubbataha is a special, protected home where birds and sea animals can raise their babies. Imagine a place where over 700 kinds of fish swim, 360 types of coral glow with life, and amazing animals like sharks, sea turtles, and manta rays roam freely. Tubbataha is a treasure that we need to care for!

Ang Tubbataha Reefs Natural Park (TRNP) ay isang mahiwagang mundo sa ilalim ng dagat na nasa gitna ng Sulu Sea. Para itong malaking playground ng kalikasan na puno ng makukulay na coral reefs at kahanga-hangang mga hayop sa dagat. Ang sakop nito ay 97,030 ektarya at ito ay ligtas ng tahanan ng mga ibon at hayop dagat at mga anak nila. Isipin mo ang isang lugar na may mahigit 700 uri ng isda, 360 klase ng coral na kumikinang sa buhay, at mga kahanga-hangang hayop tulad ng pating, pawikan, at manta ray. Ang Tubbataha ay isang yaman na dapat nating alagaan.

 www.tubbatahareefs.org

 OfficialTubbataha

 TubbatahaReefs

I AM CLOWNY OF TUBBATAHA, PRAYING

(AKO, SI KLAWNI NG TUBBATAHA, NANANALANGIN)
SECOND EDITION



STORY BY/KUWENTO NI
JOHN IREMIL TEODORO

ILLUSTRATION BY/GUHIT NI
RAPHAEL LEVI ARNAN


TRANSLATION BY/SALIN NI
CHEENO MARLO SAYUNO



I AM
CLOWNY
OF TUBBATAHA,
PRAYING

(AKO, SI KLAWNI NG TUBBATAHA, NANANALANGIN)

SECOND EDITION



**I'm Clowny, a Clownfish.
They say the pattern of my scales
looks like a clown's costume.**

*Ako si Klawni, isang clownfish.
Dahil ang disenyo raw ng aking kaliskis
parang damit ng payaso.*


Look at my home—
a colorful anemone that loves to dance!
Its gentle arms embrace me warmly,
so I protect it, too.
I don't want anyone coming too close!

*Tingnan mo ang aking tahanan—
makulay na anemone na mahilig sumayaw.
Minamahal ako ng kaniyang mga galamay
kaya pinoprotekhan ko rin siya.
Ayokong may lumalapit sa kaniya!*



I live in the vast sea of Tubbataha.
This is where my family belongs.
But unlike my name,
I can't bring laughter right now.
I can't even smile,
because our home is slowly falling apart.

*Dito ako nakatira sa malawak na
gasangan ng Tubbataha.
Ito ang tahanan ng aming angkan.
Pero hindi tulad ng aking pangalan
hindi ako makakapagpatawa ngayon.
Hindi rin ako makakatawa
dahil unti-unti, nasisira na
ang aming tahanan.*





I am Clowny of Tubbataha,
and I have one special prayer.
I hope our reefs aren't completely wrecked,
so that our clan will not be torn apart.
If our home is ruined,
I will miss all my friends at the reef.

Ako si Klawni ng Tubbataha,
may isang panalangin.
Sana hindi tuluyang masira
ang aming gasangan
upang hindi maghiwa-hiwalay
ang aming angkan.
Kapag nasira ang aming tirahan
Mami-miss ko ang aking mga kaibigan.






I pray that every day will feel like a festival
here in Tubbataha—full of color and joy!

There go Triggerfish and Squirrelfish,
laughing so hard, acting so silly!
Tripodfish is dancing with delight,
while Silver Biddy happily whistle.



*Panalangin ko sana
parang pista palagi sa amin sa Tubbataha,
makulay at masaya!*

*Hayan sina Pakol at Baga-baga
parang mga sira, tawa nang tawa.
Si Saguksok sumasayaw-sayaw naman
habang pasipol-sipol si Amorok.*



Grouper is chuckling away,
at Goatfish's goofy mustache display!
While Damselfish rarely peeks
from his snug little hideout!

*Humahalakhak si Suno
dahil may bigote si Saramulyete.
Bihira naman lumabas si Palata
sa lungga niya sa gasangan.*





There is Parrotfish strutting around in her bright colors,
and Dash-and-dot Goatfish playfully kissing the sand.
Dolphin is hopping about with joy,
inviting Unicornfish to join the fun.
Sweetlips and Bream follow them too!





*Rampa nang rampa si Mulmol na sarikulay,
pahalik-halik naman sa buhangin si Balbasin.
Tumalon-talon naman si Lumba-lumba.
Sa sobrang saya nila sumali si Suran,
sumunod naman sina Lipti at Silay.*






The shouts of Triggerfish and Boxfish are full of cheer,
but they can't beat the speed of Octopus.
Dolphinfish comes bounding in to join the fun,
while Batfish's eyes twinkle with excitement.
Rabbitfish glides behind them, eager to keep up.

*Masaya ang sigawan nina Pakol at Kaban.
Wala sila sa bilis ng takbo ni Pugita.
Lumapit din si Dorado,
kumislap naman ang mga mata ni Bayang.
Sunod nang sunod sa kanila ang Samaral.*



It is noisy and lively in Tubbataha.
Even Bumphead Parrotfish joins the fun,
but in his haste,
he ran into a hard coral,
so now he has a bump on his face!


*Magulo at masaya sa amin sa Tubbataha.
Kahit si Taungan ay tumakbo at nakisaya.
Dahil sa pagmamadali,
nabangga niya ang matigas na koraless
kaya nagkabukol sa mukha!*



Moorish Idol laughs
at the funny bulge in Bumphead's face.
Bumphead got so annoyed,
he nipped him in the mouth,
so Moorish Idol now has a sharp, pointy snout!



*Pinagtatawanan ni Alibangbang
ang bukol ni Taungan.
Napikon si Taungan,
kinagat ang bibig ni Alibangbang,
kung kaya naging matulis ang bibig!*





When Giant Trevally announced the chaos,
Barracuda opened his big mouth wide.
Anchovy jolted in surprise, and Needlefish chased him.
Ribbontail Ray was on high alert,
swinging his tail like a whip to keep everybody at bay!


*Nang inanunsiyo ni Talakitok na mayroong gulo,
binuksan ni Rumpi ang malaking bunganga.
Napalundag si Dilis at hinabol siya ni Balo.
Alisto naman si Pagi,
ginagawang panakot ang latigong buntot!*




Tibot, the Pufferfish, is my BFF.
I like him because he's so round and plump.
He gets even bigger when he's angry.
When an enemy comes too close,
he turns into a prickly ball!

*BFF ko si Tibot na isang Butete.
Gustong-gusto ko siya dahil ang taba-taba niya.
Lalo siyang lumalaki kapag siya'y galit.
Kapag may lalapit na kaaway,
nagiging matinik siyang bola!*

BFF - best friend forever (kaibigang matalik)



I have another friend,
a turtle named Pawie.
He loves to roam,
exploring all of Tubbataha
and the faraway seas.



He tells me stories of the seabirds flying above
the water.

These seabirds find a safe place to nest
on our two tiny islets.
They can only lay their eggs here
because most islets in the sea
are filled with people and predators.



*May isa pa akong kaibigan,
si Pawie na isang pawikan.
Masyado siyang gala,
nililibot ang buong Tubbataha
hanggang sa malalayong karagatan.*

*Ikinuwento niya sa akin
na sa itaas ng dagat
maraming ibon ang lumilipad.*


*Sa dalawang maliit na isla sa amin
may mga nakatirang ibong-dagat.
Dito na lang sila nakapangingitlog
dahil karamihan ng isla
sa gitna ng dagat
ay may mga tao at mandaragit na.*

But our happiness is at risk.
Storms are getting stronger and more frequent.
The fierce waves crash,
washing away the sand
and breaking the corals.

Where will we live
if our home is destroyed?
Where will the birds go?
The harsh winds might break their wings!

*Subalit ang kasiyahang ito ay nanganganib.
Palakas nang palakas
at padalas nang padalas
ang mga bagyo.
Sa lupit ng alon
naguguho ang buhanginan
at nawawasak ang mga korales.*

*Saan na kami titira
kung masisira ang aming tahanan?
Saan titira ang mga ibon?
Baka baliin ng hangin
ang kanilang mga pakpak!*





Where did all these floating
plastics come from?
Why are they thrown in our home?
Just yesterday, a plastic straw
got stuck in Pawie's nose.

*Saan ba nanggagaling itong
mga lumulutang na plastik?
Bakit sa amin itinatapon?
Kahapon lang may plastik na istro
na pumasok sa ilong ni Pawie.*



A month ago, a dolphin died
because it couldn't digest
the plastic and bottle cap it ate by mistake.



Shark almost drowned after
getting tangled in a torn net
thrown in the sea.

*Noong isang buwan
may mga namatay na lumba-lumba
dahil hindi natunawan
sa mga nakaing plastik at tansan.*

*Si Pating naman muntik nang malunod
nang puluputan ang katawan
ng itinapon na punit-punit na lambat.*



I am Clowny of Tubbataha, praying:
That our ocean home will not be used as a
garbage dump.
That people will love nature
so that our home won't be ruined.



*Ako, si Klawni ng Tubbataha, nananalangin:
Na sana huwag gawing basurahan
ang dagat na aming tirahan.
Na sana mahalin ang kalikasan
upang hindi masira ang aming tahanan.*





May it always be lively and joyful
in our colorful Tubbataha Reefs.
I wish to laugh again
so that I may be worthy of my name.

*Sana palaging magulo at masaya
sa makulay naming Tubbataha.
Sana muli akong makatawa
upang ang aking pangalan
maging karapat-dapat na.*





How did the story make you feel?

What makes Clowny happy or sad?

Why is it important to take care
of the corals and the sea?



*Ano ang naramdaman mo
tungkol sa kuwento?*

*Ano ang nagpapasaya o
nagpapalungkot kay Klawni?*

*Bakit mahalagang alagaan
ang mga koraless at dagat?*



What destroys the home of Clowny in Tubbataha?

How do plastics and other garbage harm the creatures in the sea?

**Clowny wants a bright future for his home.
Child, what can you do to help him?**

Ano ang nakasisira sa tirahan ni Klawni sa Tubbataha?

*Paano nakasasama ang plastik at
ibang basura sa mga hayop sa dagat?*

*Si Klawni ay nagnanais ng magandang kinabukasan
para sa kanyang tirahan.
Ikaw bata, ano ang iyong magagawa?*





Dear friend, thank you so much!
Because of your help,
my worries are a lot less.



*Kaibigan, maraming salamat sa mga tulad mo!
Dahil sa tulong mo
nabawasan ang aking pagkabalisa.*





Tubbataha will always be bright
and full of laughter,
a vibrant and lively place with a big festival!
Our family will be safe in this special place,
in our home, Tubbataha!




*Ang Tubbataha natin mananatiling
makulay at masaya,
na para bang laging may pista.
Magiging ligtas na kami ng aming angkan
dito sa Tubbataha na aming tahanan.*




FRIENDS OF CLOWNY IN TUBBATAHA

LUMBA-LUMBA
Dolphin



SUNO
Leopard Coral Grouper



SALMONETE
Yellow goatfish



RUMPI
Great barracuda



TALAKITOK
Giant trevally



IBON (SEABIRD)
Black Noddy




BAGA-BAGA
Sabre squirrelfish



BUTETE
Blue spotted puffer



AMUROK
Blacktip silver biddy



SAMARAL
Rabbitfish



DILIS
Anchovy



IBON (SEABIRD)
Brown Booby




PUGITA
Common Octopus



ALIBANGBANG
Moorish idol



KLAWNI
Clown anemonefish




SURAN
Bluespine unicornfish

FRIENDS OF CLOWNY IN TUBBATAHA




LIPTI
Oriental sweetlips



DORADO
Dolphin fish



PAKOL
Boomerang triggerfish



MULMOL
Singapore parrotfish



KABAN
Yellow boxfish



PAGI
Blue-spotted ribbontail ray




PALATA
Bracelet damselfish



PAKOL
Orange-lined triggerfish



BAYANG
Batfish



PAWIKAN
Hawksbill turtle



TIWARIK
Scrawled filefish



SILAY
Yellowstriped monocle bream



BALBASIN
Dash-and-dot goatfish





BALO
Reef needlefish



TAUNGAN
Bumphead parrotfish

HELP CLOWNY TO FIND HIS FRIENDS



SPOT 10 DIFFERENCES IN THE PICTURE



FIND THE NAME OF OUR FRIENDS!

T	D	K	D	K	Z	F	B	X	F	J	K	H	M	C	N	J	K	A	Z	R
A	L	A	F	A	O	O	Q	H	V	M	G	X	A	P	Y	Z	T	D	E	E
L	Z	V	C	B	S	O	G	N	I	H	S	I	D	R	E	V	B	E	T	D
A	J	S	Q	A	Y	Q	H	S	C	I	I	T	I	E	R	Q	A	D	P	K
K	S	Q	A	N	U	U	G	C	K	F	U	H	L	D	O	G	B	O	T	L
I	W	R	F	K	J	G	R	O	S	O	N	S	I	A	L	E	A	O	S	A
T	K	I	E	Y	E	Y	E	S	X	X	J	U	S	T	A	K	R	L	S	W
O	N	E	H	W	I	W	T	S	G	Y	R	K	X	O	T	H	U	B	U	N
K	G	R	I	V	I	L	A	E	S	G	B	C	Z	R	E	E	M	D	E	I
Z	C	O	C	E	W	B	A	G	A	B	A	G	A	S	R	G	P	L	C	I
H	G	V	H	R	Y	V	H	I	X	N	L	Y	Z	F	A	B	I	O	J	W
S	L	I	T	T	I	J	S	P	S	T	O	W	C	P	L	I	A	C	M	S
U	R	N	H	E	I	B	E	S	H	C	S	T	A	K	L	V	Y	B	S	C
N	M	R	Y	B	P	K	R	Z	R	H	C	G	M	J	I	O	W	L	W	M
O	G	A	O	M	U	D	F	K	O	F	I	E	O	N	N	R	E	J	Y	Q
H	O	C	L	A	K	L	F	A	C	H	W	X	U	R	E	E	L	J	W	U
A	C	U	O	T	G	C	M	K	I	W	E	H	F	S	L	L	I	G	Y	O
K	E	T	G	E	K	Q	E	O	L	D	M	F	L	G	L	X	Y	B	O	W
R	A	I	I	B	L	F	E	M	L	U	W	I	A	Q	V	E	G	O	B	E
L	N	L	S	W	O	D	Y	C	D	W	T	O	G	S	L	F	C	N	Q	M
I	A	R	T	D	L	A	G	I	K	A	L	I	B	A	N	G	B	A	N	G



KLAWNI



BAGA BAGA



TALAKITOK



SUNO




ALIBANGBANG



PAGI



DILIS



MULMOL



KABAN



RUMPI

Find the name
of our friends
in the box.

Copyright © 2024 Tubbataha Protected Area Management Board (TPAMB)
All rights reserved. This publication may be reproduced, stored in retrieval
system, or transmitted in any form or by any means with written
permission from the copyright holders.

Second edition December 2024

ISBN 978-621-95248-3-4

Published by Tubbataha Protected Area Management Board (TPAMB)

Manalo Ext., Bgy. Milagrosa

Puerto Princesa City 5300, Palawan

Tel/Fax: (63)(48) 716 1631

Email: tmo@tubbatahareefs.org

www.tubbatahareefs.org

Produced in partnership with the UNESCO National Commission
of the Philippines and the International Board on Books
for Young Peoples - Philippines



STORY BY/KUWENTO NI **JOHN IREMIL TEODORO**

JOHN IREMIL TEODORO, a native of Antique, is a full professor of literature, creative writing, and art appreciation at De La Salle University in Manila where he also serves as the director of the Bienvenido N. Santos Creative Writing Center.

Previously, he was the editor-in-chief of *Bandillo ng Palawan - Filipino Edition* in Puerto Princesa City. A celebrated writer, he has received multiple Palanca Awards and National Book Awards for his works and books. In 2019, he was honored with the S.E.A. WRITE Award from the Kingdom of Thailand.



ILLUSTRATION BY/GUHIT NI **RAPHAEL LEVI ARNAN**

RAPHAEL LEVI ARNAN, a fine arts graduate from the University of the Philippines Diliman, serves as the Senior Pastor of the United Evangelical Church in Palawan. He holds a degree in Bible and Theology from Febias College of Bible and completed his master's degree in Intercultural Studies at Torch University in Seoul, South Korea. He is a coach and trainer at Inspire, Project Purpose, and World Teach. He and his wife, Rachel Lee, who is Korean, have three children: Gabriel Eujin, Michael Hajin, and Kathriel Sujin.

